Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 7 - Modyul 23:
## Pagsagot sa Tanong Tungkol sa Nabasang Teksto



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Linggo 7 – Modyul 23: Pagsagot sa Tanong Tungkol sa Nabasang Teksto
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publishers*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Brylle A. Cabaya |
| **Editor:** | Catherine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagapaglapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn S. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapagpamahala:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>*Asst. Schools Division Superintendent* |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 7 - Modyul 23:
## Pagsagot sa Tanong Tungkol sa Nabasang Teksto

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na ito*

Kamusta na? Lakbayin ang daan sa pagkatuto at huwag susuko.

Nakasulat ka na ba ng liham o Short messaging Text (SMS)? O, nakatanggap ka na ba nito? Natitiyak ko nasasayahan ka kapag nakatanggap ka ng liham mula sa isang kaibigan.

Tulad ng ibang may akda, mahalagang maging maayos at malinaw ang isang mensahe.

Bagama't uso ngayun ang e-mail at SMS sa paghatid ng mensahe at naipadadala ito sa isang iglap lang, mahalaga paring matutunan mo ang tamang pagsulat at pagsagot nito.

Sa modyul na ito, tuturuan kitang sumulat at sumagot sa mga SMS na nabasa mo sa pamamagitan ng mga gawaing idenisenyo para lamang sa iyo.



## *Alamin*

Ang araling ito ay nakasentro sa mapanuring pakikinig o pagbabasa sa mga teksto upang sa gayun ay madaling makakasagot sa iba't-ibang katanungan sa pamamagitan ng pagtatala sa mga mahahalagang detalye nito.

Sisikapin nating makamit ang mga layuning nakatala sa ibaba;

(Mga Layunin)


1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa mahahalagang detalye ng napakinggang o napanood na teksto o SMS (Short Messaging Text) - F4PN-Ih-3.2; at
2. Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano. F4PB-If-j-3.2.1


## *Paano matuto sa Modyul na ito?*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

Mapapansin sa kabila ng pagbabago ng panahon at sa kabila ng pagkakaroon ng makabagong teknolohiya, may mga bagay na hindi nagbago sa pamilya. Ito ay maaari natin gawing halimbawa sa ating buhay. Matutukoy mo ba ito?

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang mga bagay na hindi dapat magbago sa makabagong panahon. Ekis (X) naman kung kasalungat.

_____ 1. Pagmamahal ng pamilya sa asawang nasa ibang bansa.

_____ 2. Pagbabago ng ugali ng anak na para bang taga-ibang bansa.

_____ 3. Paggalang ng anak sa magulang.

_____ 4. Paggamit ng makabagong teknolohiya sa tamang paraan.

_____ 5. Pagiging arogante o masamang pagsagot ng anak.

_____ 6. Pagmamahal ng asawa sa asawa.

_____ 7. Pagtugon sa hiling ng anak.

_____ 8. Pag-aalaga ng magulang sa pamilya.

_____ 9. Pagmamahal ng mag-anak.

_____ 10. Pagiging simpleng pamumuhay sa makabagong panahon.

# Aralin 1 Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggang Teksto

Kagaya ng natutunan nating sa nakaraang modyul, mahalagang ang mambabasa o tagapakinig ay nakapukos ng husto sa mga balita o teksto upang malaman ang mga importanteng detalye nito.

Ang pakikinig ng may pokus ay isang makapangyarihang instrumento ng komunikasyon na nagsisilbing impluwensya upang makipag-usap ng mabuti. Isa rin itong paraan upang ang pakikipagtalastasan ay maging matiwasay at maiwasan ang kalituhan.

Ang araling ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka para sa ibayong paglinang ng inyong kasanayan sa pang-unawa sa tekstong iyong napakinggan o nabasa.

Hali na at simulan na natin ang paglalakbay tungo sa kaunlaran.



## *Balikan*

Nais kung dagdagan pa ang inyong kasanayan sa bukabularyo. Ang mga sumusunod ay mga salitang mababangit pa lamang sa paglalakbay mo araling ito.

Panuto: Ang Hanay A ay mga salitang kahulugan o kasingkahulugan ng salitang nasa Hanay B. Hanapin lang ang katumbas nito at isulat ang titik sa espasyong nakalaan bago ang mga numero.

| | **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|---|
| _____ 1. | Pinaikling mensahe na nais ipadala o ipabasa | A. teknolohiya |
| _____ 2. | mapayapa, komportable | B. impormasyon |
| _____ 3. | lugar kung saan paggaganapan | C. pagdarausan |
| _____ 4. | Mga kagamitan o makinarya na ginagamit upang mapadali ang produksyon, komunikasyon at iba pa. | D. SMS |
| _____5. | mahalagang kaalaman o konsepto | E. maginhawa |



## ***Tuklasin***

May inihanda akong isang maikling teskto sa ibaba. Kaya mo bang tukuyin ang mga mahahalagang detalyeng nabanggit rito?

Simulan ang pagbabasa.

| |
|---|
| Ang makabagong teknolohiya ay isa ng bahagi ng pang araw-araw na buhay ng isang tao. Ginagamit natin ang teknolohiya sa halos lahat ng dako. Cellphone, computer, laptop, smart boards, mga sistema ng GPS, at iba pa. Lahat ng iyan ay nagmula sa teknolohiya. Ito ay tumutulong sa atin araw-araw, sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng impormasyon at maginhawang pamumuhay. Ang teknolohiya ay mabilis at ito ay tumutulong sa ating ekonomiya. |

Ano ang paksang nabanggit sa tekstong iyong nabasa?

Ang iyong nabasa ay tumutukoy sa paggamit ng makabagong teknolohiya na bahagi na ng ating pang-araw-araw na buhay. Meron ka ba nitong mga kagamitang nabanggit sa teksto?



## *Suriin*

Sa panahon ngayon halos lahat ng tao ay gumagamit na ng mga aparato (mobile devices o email address). Marami tayong natatanggap na iba't ibang mensahe. Merong mga uri ng mensahe na nag-aanyaya, nagpapaalala, anunsyo o kahit nagpadama ng pag ibig o kalungkutan. Masasagot natin ang iba't-ibang mensaheng ito depende sa uri ng bawat mensaheng natatanggap natin sa araw-araw.

Isa sa pinaka-karaniwang ginagamit ay ang SMS o Short Messaging Services. Isa itong pinaikling mensaheng ipinapadala sa tumatanggap gamit ang mobile devices.



## *Pagyamanin*

Ang mababasa ninyo ay isang tekstong ipinadala ko sa kaibigan kong si Billbot. Unawain ang paksa ng teksto at alamin ang mahahalagang detalyeng nabanggit rito.


Dear Billbot: Gusto ko sanang humingi ng tulong. Nais kung sorpresahin ang aking inay sa ika-40 na taong kaarawan niya. Tulungan mo ako sa mga dekorasyon sa lugar ng pagdarausan. Nag arkila ako ng isang resort sa nayon. Sa darating na Sabado, ika-27 ng Setyembre na pala ang kaarawan niya. Magkita na lang tayo doon. Maraming Salamat.

Tukoy mo na ba ang naging paksa ng mensahe?




## *Isaisip*

Sa kabuuan ng araling ito, madali mong mauunawaan ang tekstong iyong binasa kung susundan mo ang dayagram na nasa susunod na pahina.




Naunawaan mo ba ito? Sundan mo lang ang daloy ng mga linya at malalaman mo nais nitong ipahiwatig.



## *Isagawa*

Balikan ang mensaheng ipinadala ko sa aking kaibigan. Itala sa patlang ang mga sagot.

1. Tungkol saan ang mensahe?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
2. Sino ang may kaarawan?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
3. Saan ang pagdarausan ng kaarawan?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
4. Kailan ang kaarawan ng kanyang ina?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
5. Bakit kaya humingi ng tulong ang tagapadala kay Billbot ng mensahe?
   ____________________________________________
   ____________________________________________



### *Mga Tala para sa Guro*

Ang araling ay nakasentro kung saan masusukat ang kakayahang umintindi ng mag-aaral. Mainam na sa pagbibigay ng puntos ay maghanda ka ng rubrik at krayterya na bagbabasihan mo ng katumbas na putos ng kanilang mga sagot. Lalung –lalo na sa nga pagsasanay o sitwasyon na nangangailangan ng lohikal na eksplenasyon.



## *Tayahin*

**Gawain 1**

Basahin ang mensahe sa ibaba. Unawain at sagutin ang mga tanong.

> From: Aling Tesie
> Mga suki, mayroon pala kaming promo sa mga produkto naming gulay. Sa bawat 10 kilo mong bibilhin ay magkakaroon ka ng 1 kilo na libre. Ang promong ito ay magtatapos sa susunod na linggo. Ano pa ang hinihintay ninyo? Tawag na o kaya ay magpadala na ng mensahe para sa delivery.

Mga tanong:

1. Tungkol saan ang mensaheng natanggap?

   ______________________________________________

2. Para kanino ang mensahe?

   ______________________________________________

3. Sino ang nagpadala ng mensahe?

   ______________________________________________

4. Paano ipinabatid sa kanyang mga suki ang kanilang promo?


   ______________________________________________

5. Bakit kaya nagkaroon ng promo si Aling Tesie sa kanyang mga suki?

   ______________________________________________

**Gawain 2**

Sitwasyon: Inimbitahan ni Ronie ang kanyang matalik na kaibigang si Vincent na dumalo sa kanyang kaarawan sa susunod na linggo. Kung ikaw si Vincent, ano ang iyong magiging sagot sa mensahe na ipinadala niya? Isulat ang iyong mensahe sa nakalaang espasyo.




Napagtagumpayan mong mapag-aral ang araling ito. Maraming salamat sa pagtuon ng pansin at pagiging masunurin sa pagsagot ng mga gawain at pagsasanay.

## *Karagdagang Gawain*

Bilang karagdagang gawain. Gusto kung magkaroon kayo ng oras ng iyong mga kapatid o magulang upang sa ganon ay makapagkumustahan at makapag-usap na man kayo. Tanungin si ate, si kuya o ang iyong mga magulang ng mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang pinakamahalagang mensaheng natanggap?
2. Paano niya nadama na ang mensahe ay maganda para sa kanya?
3. Bakit mahalaga ito sa kanya?

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
|---|
| 1. / |
| 2. X |
| 3. / |
| 4. / |
| 5. X |
| 6. / |
| 7. / |
| 8. / |
| 9. / |
| 10. / |

| Balikan |
|---|
| 1. d |
| 2. e |
| 3. c |
| 4. a |
| 5. b |

| Isagawa |
|---|
| 1. Tungkol sa paghingi ng tulong para sa kaarawan ng ina ni Billbot. |
| 2. Ina ni Billbot |
| 3. Sa inarkilahang resort sa nayon |
| 4. Sabado, ika-27 ng Setyembre |
| 5. Upang matulungan siya sa paghahanda para sa kaarawan ng kanyang ina. |

| Tayahin (Gawain 1) |
|---|
| 1. Tungkol sa promo ng paninda ni Aling Tesie |
| 2. Para sa kanyang mga suki |
| 3. Aling Tesie |
| 4. Sa pamamagitan ng panunsyo ng promo |
| 5. Upang mahikayat ang kanyang mga suki na bumili ng kanyang paninda. |

## *Mga Sanggunian*


Abellar, M. P., Damiana P. S. (2007) Yakal 4, Wika, Yaman ng Kaisipan at Lengguwaheng Filipino. Rex Bookstore, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, & A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon - Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615